

WORK PRODUCTIVITY AND ACTIVITY IMPAIRMENT QUESTIONNAIRE: BIPOLAR DISORDER
(WPAI-BD)

Ang mga sumusunod na mga tanong ay tungkol sa epekto ng inyong karamdamang lubhang masayahin o malungkutin sa inyong kakayahang magtrabaho at gawin ang mga karaniwang gawain. *Paki-sagutan ang mga puwang o bilugan ang isang numero na nakalagay.*

- 1) Kayo ba ay kasalukuyang nagtatrabaho (pagtatrabaho para kumita)? ____HINDI ____OO
Kung HINDI, tsekan ang "HINDI" at pumunta sa tanong 6.

Ang mga sumusunod na tanong ay tungkol sa **nakaraang pitong araw**, hindi kasama ngayong araw.

- 2) Noong nakaraang pitong araw, ilang oras kayong lumiban sa trabaho dahil sa problema na may kaugnayan sa inyong karamdamang lubhang masayahin o malungkutin? *Ibilang ang mga oras na inyong ipinagliban sa mga araw na may-sakit, mga pagkakataong kayo ay nahuli, umalis nang maaga, atbp. dahil sa karamdamang lubhang masayahin o malungkutin. Huwag ibilang ang oras na niliban dahil sa pagsali sa pagsusuring ito.*

_____ORAS

- 3) Noong nakaraang pitong araw, ilang oras ang inyong niliban sa trabaho dahil sa iba pang kadahilanan tulad ng bakasyon, piyesta opisyal, libreng oras na ginamit para sumali sa pagsusuring ito?

_____ORAS

- 4) Noong nakaraang pitong araw, ilang oras kayong talagang nagtrabaho?

_____ORAS (Kung "0", pumunta sa tanong 6)

- 5) Noong nakaraang pitong araw, gaano nakaapekto ang karamdamang lubhang masayahin o malungkutin sa inyong kahusayan habang kayo ay nagtatrabaho? *Isipin ang mga araw na kayo ay hinahadlangan sa dami at uri ng trabahong inyong nagagawa, mga araw na mas konti ang nagawa ninyo kaysa sa gusto ninyo o mga araw na hindi kayo masyadong makapagtrabaho nang maingat na tulad nang dati. Pumili ng mababang numero kung kaunti lamang ang epekto sa inyong trabaho ng karamdamang lubhang masayahin o malungkutin. Pumili ng mataas na numero kung malaki ang epekto sa inyong trabaho ng karamdamang lubhang masayahin o malungkutin.*

Walang epekto ang karamdamang lubhang masayahin o malungkutin sa aking trabaho

0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10

Hindi ako nakapagtrabaho dahil sa karamdamang lubhang masayahin o malungkutin

BILUGAN ANG ISANG NUMERO

- 6) Noong nakaraang pitong araw, gaano nakaapekto ang karamdamang lubhang masayahin o malungkutin sa inyong kakayahan para magawa ang inyong karaniwang pang-araw-araw na gawain, maliban sa gawain sa trabaho? *Ang ibig sabihin sa mga karaniwang pang-araw-araw na mga gawain ay ang inyong ginagawang mga gawain tulad ng gawain sa loob ng bahay, pamimili, pag-aalaga ng bata, pag-eehersisyo, pag-aaral at iba pa. Isipin ang mga araw na kayo ay hinahadlangan sa dami at uri ng mga gawain inyong magagawa, mga araw na mas konti kaysa sa gusto ninyo ang inyong nagawa. Pumili ng mababang numero kung kaunti lamang ang epekto sa inyong gawain ng karamdamang lubhang masayahin o malungkutin. Pumili ng mataas na numero kung malaki ang epekto sa inyong gawain ng karamdamang lubhang masayahin o malungkutin.*

Walang epekto ang karamdamang lubhang masayahin o malungkutin sa aking mga gawaing pang-araw-araw

0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10

Hindi ako makagawa ng aking mga gawaing pang-araw-araw dahil sa karamdamang lubhang masayahin o malungkutin

BILUGAN ANG ISANG NUMERO